

**TAGALOG**

**Financial Assistance Policy  
(Patakaran Ukol sa Tulong sa Pananalapi)  
Buod sa Simpleng Wika**

Naririto ang HackensackUMC Palisades Financial Assistance Policy ("FAP") upang bigyan ang mga eligible na pasyente ng partial o fully-discounted na emergency o ibang medikal na kinakailangang health care services mula sa HackensackUMC Palisades at isang lubos na may kinalamang entidad (tulad ng inilalarawan ng IRS). Ang HackensackUMC Palisades at ang anumang lubos na may kinalamang entidad ay tatawagin ditong HackensackUMC Palisades. Ang mga pasyenteng naghahanap ng financial assistance (tulong sa pananalapi) ay dapat mag-aplay para sa programa, na nakabuod dito.

Eligible Services - Emergency o ibang medikal na kinakailangang health care services mula sa HackensackUMC Palisades at na sinisingil nito. Ang FAP ay uma-apply lamang sa mga serbisyong sinisingil ng HackensackUMC Palisades. Ang ibang mga serbisyo na hiwalay na sinisingil ng ibang providers, tulad ng mga doktor, ay hindi eligible sa ilalim ng FAP.

Eligible na mga Pasyente - Ang mga pasyenteng tumatanggap ng mga eligible na serbisyo at na nagsumite ng kompletong Aplikasyon para sa Financial Assistance (Aplikasyon sa Tulong sa Pananalapi) (kabilang ang may kinalamang dokumentasyon/impormasyon) at na natiyak ng HackensackUMC Palisades na eligible para sa tulong sa pananalapi.

Paano Mag-aplay – Ang FAP at ang Pormularyo ng Aplikasyon ay maaaring kunin/kumpletohin/isumite tulad ng sumusunod:

- I-download ang mga dokumento mula sa website ng HackensackUMC Palisades: <https://www.palisadesmedical.org>.
- Ang mga papel na kopya ng FAP, Aplikasyon, at PLS ay maaaring hingin at ipapadala ito sa iyo sa mail nang walang bayad; ito rin ay nasa iba't-ibang lugar sa Medical Center, halimbawa sa Main Registration desk, Emergency Room, at Patient Financial Services Department.
- Hilinging ipadala sa iyo sa mail ang mga dokumento; tumawag sa Patient Financial Services Dept. ng Medical Center sa 201-854-5092.
- Puntahan ito (1st Floor – Lobby):

HackensackUMC Palisades  
Patient Financial Services Department  
7600 River Road  
North Bergen, New Jersey 07047

- Ipadala sa mail ang mga kinompletong aplikasyon o dalhin ito nang personal (kasama ng lahat ng dokumentasyon/impormasyon na tinukoy sa mga utos sa aplikasyon) sa:

HackensackUMC Palisades  
 Patient Financial Services Department  
 7600 River Road  
 North Bergen, New Jersey 07047

- Sa Main Registration desk ng HackensackUMC Palisades o sa Emergency Room desk.

Pagtiyak ng Pagiging Eligible para sa Tulong sa Pananalapi - Karaniwan, ang mga Eligible na Tao ay eligible para sa tulong sa pananalapi, gamit ang isang sliding scale, kung ang kanilang Family Income ay kasing-halaga o mas mababâ sa 500% ng Federal Poverty Guidelines (FPG) ng Pederal na Pamahalaan. Ang eligibility para sa Financial Assistance ay nangangahulugan na kapag ang mga Tao ay Eligible, ang kanilang natanggap na care ay sakop nang buo o partial na babayaran, at hindi sila sisingilin ng mahigit sa “Amounts Generally Billed” (AGB) sa mga taong may insurance (AGB, tulad ng inilarawan sa IRC Section 501(r) ng Internal Revenue Service). Ang levels para sa Financial Assistance, batay lamang sa Income ng Pamilya at FPG, ay:

- Income ng Pamilya na nasa 0 hanggang 200% ng FPG-----Buong Financial Assistance; \$0 ang sisingilin sa pasyente.
- Income ng Pamilya na nasa 201 hanggang 500% ng FPG-----Partial Financial Assistance; ang AGB ay ang pinakamalaking halaga na sisingilin sa pasyente.

Paunawa: Mayroong ibang criteria maliban sa FPB na isasaalang-alang (halimbawa, availability ng cash o ibang assets na maaaring gawing cash, at buwanang net income na sumosobra kung titingnan din ang buwanang gastos sa bahay) at ang mga ito ay maaaring mauwi sa mga eksepsiyon sa naunang binanggit. Kung walang inireport na Family Income, kailangang magbigay ng impormasyon tungkol sa kung paano binabayaran ang mga pang-araw-araw na gastos. Nirerebyu ng Patient Financial Services Dept. ng HackensackUMC Palisades ang mga isinuniteng kompletong aplikasyon, at titiyakin nito ang Financial Assistance Eligibility (Pagiging Eligible sa Tulong sa Pananalapi), alinsunod sa Financial Assistance Policy ng HackensackUMC Palisades. Hindi tatanggapin ang mga hindi kompletong aplikasyon, pero ang mga aplikante ay bibigyan ng paunawa at bibigyan ng pagkakataong ibigay ang mga kinakailangang nagkukulang na dokumentasyon/impormasyon.

Isinasalin din ng HackensackUMC Palisades sa ibang mga wika ang FAP, pormularyo ng aplikasyon para sa FAP, at buod ng FAP nito sa simpleng wika kapag ang pangunahing wika ng mga naninirahan sa komunidad na sinisilbihan ng Medikal Center ay kumakatawan sa 5 % o 1,000 indibidwal – alinman ang mas kaunti – ng populasyon na malámang na maaapektohan o masisilbihan ng HackensackUMC Palisades. Ang mga bersiyon ng FAP na isinalin sa ibang wika ay mahihingi nang personal sa address na nasa itaas, at sa website ng HackensackUMC Palisades.

Para sa tulong o mga katanungan, mangyaring puntahan o tawagan: Ang Patient Financial Services Department ng HackensackUMC Palisades ay nasa 7600 River Rd, North Bergen, New Jersey 07047; kung pupuntahan ito nang personal, magpunta sa 1<sup>st</sup> Floor - Lobby o tumawag sa 201-854-5092, Lunes hanggang Biyernes, mula 8:30 AM - 5PM.